Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-46 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 13 DISYEMBRE 1999, IKA-9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Konsehal Jesus S. Dela Cruz	- Pansamantalang Tagapangulo
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.

KAPASYAHAN BLG. 130
Taong 1999

KAPASYAHANG MAPITAGANG INII-ENDORSO KAY G. CRISPIN A. CASTILLO ANG KAPASYAHAN BLG. 013 TAONG KASALUKUYAN NG BARANGAY UYAO, ROXAS, SILANGANG MINDORO NA HUMIHILING NG ANIM NA METRO (6 M) LUWANG NG KALSADA MULA SA NORTH UYAO HANGGANG UYAO PROPER UPANG GAWING FEEDER ROAD NG BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Barangay Uyao ay isa sa maliliit na barangay ng Roxas, Silangang Mindoro na sa pagtutulungan ng mga mamamayan at ng pamahalaan ay nagsisikap na makaagapay sa pag-unlad ng mga pamayanan ng lokalidad;

SAPAGKA'T isa sa mga paktor sa pag-unlad ay ang pagtaas ng antas ng kaalaman o edukasyon ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T bagama't may paaralan ang Barangay Uyao, ang mga batang nananahanan sa ilang sityo tulad ng sa North Uyao ay nahihirapang pumasok sa paaralan sa kawalan ng maayos na daan lalo pa kung panahon ng tag-ulan;

SAPAKGA'T isa sa nakikitang solusyon sa pangangailangang ito ay ang humiling sa may-ari ng lupang daraanan, partikular kay G. Crispin Castillo ng gagawing kalsadang anim (6) na metro ang luwang mula North Uyao hanggang Uyao Proper na ipinahayag sa Kapasyahang Pambarangay Blg. 013 taong kasalukuyan;

SAPAGKA'T nakikita ng Sangguniang Bayang ito at ng mga namumuno ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na mapitagang itukoy o i-endorso sa may-ari ng lupa, G. Crispin Castillo ang paabot ng mga taga barangay Uyao sa kanilang Kapasyahan Blg. 013 taong 1999 na humihiling ng kapahintulutan para sa isang feeder road mula North Uyao hanggang Uyao Proper na may luwang na anim (6) na metro.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang i-endorso kay G. Crispin Castillo ang kahilingan ng Barangay Uyao na feeder road mula North Uyao hanggang Uyao Proper na nasasaad sa kanilang Kapasyahan Blg. 013 taong 1999.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kalakip ang Kapasyahan Blg. 013 taong 1999 ng Barangay Uyao, Roxas, Silangang Mindoro kay G. Crispin Castillo para sa kanilang kaalaman at konsiderasyon at naaayong pagpapasya.

Pinagtibay ng lahat: 13 Disyembre 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

JESUS S. DELA CRUZ
Konsehal
Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/

Republika ng Pilipinas
L alawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS
Barangay Uyao

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY

SINIPI MULA SA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG UYAO, ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA- 11 NG DISYEMBRE 1999 , DITO SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY UYAO, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga dumalo;

Ronnel Pacpaco	-	Punong Barangay
Joseph Galicia	-	Kagawad
Antonio Falsario	-	Kagawad
Jerome Galasao	-	Kagawad
Graciano Dalisay	-	Kagawad
Fe de Chavez	-	Kagawad
Eufrocino Ebora	-	Kagawad

Hindi Dumalo:

Rogelio Casuco	-	Kagawad
Aries Coching	-	SK Chairman

KAPASIYAHAN BLG. 013
Hanay 1999

KAPASIYAHANG NAGLALAYONG IPAABOT KAY KGG. CRISPIN A. CASTILLO NA ANG BARANGAY UYAO, ROXAS, SILANGANG MINDORO AY HUMIHINGI NG KAPAHINTULUTAN SA MAY- ARI NG LUPA PARA SA AMING FEEDER ROAD NA MAY LUANG NA ANIM NA METRO.

Sapagkat, ang mga mamamayan ng Sitio North Uyao, ay nahihirapang magpapasok ng kanilang mga anak kung walang maayos na daan.

Sapagkat, ito lamang ang tanging paraan na matugunana ang aming kahilingan ng mga magulang upang ang kanilang mga anak ay maayos at malinis na makarating sa paaralan.

Sapagkat, ang nasabing rights of way na hinihingi ng Sangguniang Barangay ay upang magkaroon ng permamenting daan na magmumula sa North Uyao hanggang proper Uyao.

Sapagkat, ito ay malaki ang maitutulong sa mga magsaska at kauri nito na magpalabas sa kanilang mga produkto patungong pamilihang bayan.

KUNG KAYA'T nais naming ipaabot kay Gng. Crispin Castillo ang kapasiyahang ito para sa kanilang kaukulang aksyon at pahintulot.

IPINASIYA ng lahat na padalhan ng sipi ang Sangguniang Bayan para sa kanilang kaalaman.

Pinagtibay ng lahat:

PINATUTUNAYANG WASTO ANG KAPASIYAHANG ITO AY TOTOO:

Pinagtibay:

Marialyn de Chavez